on sustainable development goals and the socio-economic consequences of increasingly extreme weather."

The WMO detailed climate-related risks and impacts on human health and welfare, migration and displacement, food security, the environment and ocean and land-based ecosystems which, it said, affected nearly 62 million people last year.

Floods have also affected over 35 million people, based on an analysis of 281 events by the US Center for Research on the Epidemiology of Disasters, the UNISDRR reported.

WMO secretary general Petteri Taalas noted that "climate science has achieved an unprecedented degree of robustness, providing authoritative evidences of global temperature increase."

The findings of the three international agencies underscore the need to place the Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA) under the proposed Department of Disaster Resilience, said Albay Rep. Joey Salceda, principal author of the DDR bill now pending in Congress.

House Bill 30 proposes the transfer of PAGASA and the Philippine Institute of Volcanology and Seismology, presently under the Department of Science and Technology, to the DDR, among several other government agencies, "to harmonize disaster risk assessment, reduction and mitigation, warning and response, along with relief, retrieval and rehabilitation under one roof," Salceda said.



'Pinas tagilid sa climate change

Hindi maganda ang report kamakailan ng United Nations International Strategy for Disaster Risk Reduction (UNISDR), World Meteorological Organization (WMO) at Intergovernmental Panel on Climate Change (IPCC), tungkol sa mataas na puwesto ng Pilipinas sa hanay ng mga bansang delikado sa banta ng climate change.

Ani Albay Rep. Joey Salceda, dapat maging handa ang bansa sa babalang ito ng mga nabanggit na UN body at mangyayari ito kung magiging mas tumpak sa pagtaya ng mapaminsalang mga bagyo na sadyang kailangan ng isang mabisang disaster resilience program.

"Ang babalang ito ay pahiwatig na dapat ngang kasama sa panukalang DDR ang Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (Pagasa)," punto ng mambabatas.

Si Salceda ang chairman ng House committee on ways and means at pangunahing mayakda ng panukalang Department of Disaster Resilience (DDR) bill sa Kamara, na kasalukuyang nasa Senado na.

Sa panukalang DDR,

isasailalim dito bilang mga attached agency ang Pagasa at ang Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) na bahagi ngayon ng Department of Science and Technology (DOST), bukod sa ilan pang mga tanggapan upang magkakatugma at mabisang magampanan nila ang mga gawaing kaugnay sa pagsuri at pagbigay ng tamang babala tungkol sa banta ng mga kalamidad, at pagtugon dito, kasama na ang pagbibigay ayuda, pagbangon, pagbuo muli at pagsulong pagkatapos ng kalamidad.



Green climate fund proposal ng 'Pinas pasado sa GCF

Nakuha ng Pilipinas nitong Miyerkules ang approval sa kanyang unang green climate fund proposal sa pagtatag ng isang USD10-milyon multi-hazard impact-based forecasting at early warning system.

Ang Green Climate Fund (GCF) ay ang pinakamalaking climate finance mechanism sa mundo, na nagseserbisyo sa developing countries. Nilikha ito ng United Nations Framework Convention on Climate Change para suportahan ang mitigation and adaptation projects at mga programa.

Inaprubahan ng GCF Board, kasalukluyang nagtitipon para sa 24th Meeting nito na ginanap sa Songdo, Korea nitong Linggo, ang panukalang USD10-million grant na naglalayong palakasin at tiyakin ang paghahatid ng actionable

at napapanahong early warning sa mga komunidad at "last mile" end users sa mga panganib ng napipintong natural hazards.

Si Antique Rep. Loren Legarda ay alternative member ng GCF Board.

Sinabi ni Climate Change Commissioner Rachel Herrera, national focal person sa GCF, na ang makapasok sa GCF ay prayoridad ng CCC sa simula pa lamang, idiniin na ang ating malakas na adbokasiya para sa climate action at climate justice ay kailangang tapatan ng isang episyenteng sistema para makakuha ng climate finance.

"We are overjoyed with the approval of our very first GCF country proposal, which is the product of convergence among agencies, organizations, and stakeholders who contributed to the development and

submission of this project. This is just the beginning," ani Herrera.

Idadaan ng GCF ang grant sa Land Bank of the Philippines na aaktong direct access entity ng proyekto.

Ang Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration ang magiging lead executing entity ng proyekto, katuwang ang Department of Interior and Local Government (DILG), Department of Environment and Natural Resources-Mines and Geosciences Bureau (DENR-MGB), Office of Civil Defense (OCD), World Food Programme (WFP), at ang local governments ng Tuguegarao City; Legazpi City; Palo, Leyte; at New Bataan, Davao de Oro, na magiging target sites din.

Ellalyn De Vera-Ruiz



SMC taps biodegradable plastics for packaging

San Miguel Corporation (SMC) is set to become the first Filipino company to utilize fully-certified biodegradable plastic packaging.

The company said it is tapping a local firm that has been developing and testing the technology for the last five years, which SMC is initially set to use for food and non-food products, such as cement and feed sacks, grocery bags and food and other single-use plastic packaging.

The move will be the newest addition to San Miguel's sustainable business models, which include the zero-waste returnable glass bottle system, and manufacturing processes following circular economy principles—where by-products are re-used to create other products.

SMC president and chief operating officer Ramon S. Ang said that it is partnering with Philippine Bioresins Corporation, a small but innovative company, that has successfully developed and tested biodegradable plastics.

“Initially, we will use it for cement packaging. What we will use is a biodegradable plastic woven packaging, or sack. This is proudly developed by Filipino inventors, using local materials, and made by local workers,” Ang said.

Philippine Bioresins Corporation was recently given an Environmental Technology Verification certificate by the Department of Science and Technology (DOST) Industrial Technology Development Institute.

The DOST verification confirmed that the biodegradable polypropylene produced by the company will be 64.65 percent degraded in 24 months as compared to non-biodegradable plastics (4.5 percent in 24 months).

“We have always been looking for innovative environmental technologies, and we are excited about this development. We are looking forward to using biodegradable plastics, and this is just the beginning, as they are developing other technologies in this field,” Ang said.



BROADCASTER'S VIEW



Ely Saludar

TWITTER: @ElySaludar

Magandang indikasyon ang pagpabor

Plastic ban madaliin nang ipatupad

mismo ni Pangulong Duterte sa panukalang ruluyan nang ipatupad ang single-use plastic ban sa buong bansa.

Matagal na sanang umaksiyon ang gobyerno rito dahil ang plastic ang isa sa pangunahing dahilan ngayon ng polusyon sa karagatan.

Baka dumating ang araw na mas marami pa ang mga basurang plastic kaysa sa mga isda.

Asahan natin na maglalabas ng malaking pondo ang mga dambuhalang kompanya na siyang may ibinebentang produkto na gumagamit ng single-use plastic na talamak dito sa Pilipinas.

Tila tanging ang Pilipinas lamang ang mahilig sa pagbebenta ng mga tingi kumpara sa ibang bansa.

Sa ngayon ang pinakamalakas na konsumo ng mga Pinoy sa

produktong may single-use plastic ay ang mga shampoo, 3-in-1 coffee at iba pang kahalintulad na produkto.

Sinasadya ng mga negosyante ang estilong tingi-tingi ang bentahan dahil ito ay tiyak na tinatangkilik ng mga masang Pilipino.

Dapat ay maglunsad ng isang sistema ang gobyerno na sa halip na bumili ng mga tinging shampoo o kape

ay maaaring gawin na kailangang magdala ng sariling lalagyan upang maiwasan na ang paggamit ng single-use plastic na siyang nakasama sa kapaligiran ng bansa.

Inaasahan natin na hindi madadala sa mga la-lobby ng mga negosyante ang mga mambabatas at sana ay mangibabaw ang kapakanan at interes ng kapaligiran at buong sambayanan.



STRATEGIC
COMMUNICATION
INITIATIVES
SERVICE

THE EXPERIENCE OF PHILIPPINE PROGRESS
1900
MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER

B-7
PAGE

UPPER
 LOWER

PAGE 1
STORY

BANNER
STORY

EDITORIAL

CARTOON

11-14-19

TITLE:

PAGE 17

DATE



■ Coastal cleanup

Participants join a cleanup in five coastal districts in Bislig City, Surigao del Sur. Community Environment and Natural Resources Officer Victor B. Sabornido led the recent celebration of the International Coastal Clean Up activity which started with a three-kilometer solidarity walk to the site. (Photo by Herzon Gallego/ Mike U. Crismundo)



NABALITA na naman si Manila Mayor Francisco "Isko Moreno" Domagoso nitong mga nakalipas na araw dahil sa nagkalat na mga basura sa Ylaya Street sa Divisoria.

Muli na namang nagalit si Isko, ngunit sa pagkakataong ito ay sa mga vendor na siya nagalit dahil sa kawalan ng malasakit at pagpapabaya ng mga ito na magkalat ang mga basura sa Ylaya Street.

Ang matindi sa balitang ito ukol sa inis ni Yorme Isko sa mga vendor ay balitang-balita sa social media.

Madalas lumabas ang video footage ng nasabing aksyon ni Isko sa Ylaya Street sa social media kung saan kasama ng alkalde ang kanyang chief of staff na si Dr. Cesar Chavez.

Simula nang maging alkalde si Isko, mayroong video ang lahat ng kanyang ginagawa at ikinakalat sa social media.

Pero, kalkulado at piling-pili ang inaaksonan ni Isko.

Dahil may video footage sa kanyang mga kalkulado at piling-pili na mga aksyon, lumilitaw na kailangang "well projected" at "very visible" si Isko para palabasing siya ay kakaibang pinuno - pinunong puwedeng maging pangulo ng bansa.

Sino kaya ang social media operator ni "Yorme Isko"?

Ilang milyon kaya ang badyet dito?

Saan kaya galing ang pondong inilaan dito?

Iyan ang mga tanong na kailangang masagot.

Kung ikot tayo sa Maynila, maraming vendor at iligal na terminal ng SUV sa Quiapo.

May terminal ng pedicab sa tapat ng SM na nasa likuran lang ng city hall.

Ang halos kalahati ng Adriatico Street at T.M. Kalaw Street ay pawang napakahabang parking area.

At ang matindi ay ang mga basurang nakaimbak sa maraming estero sa Maynila.

Kahit isa ay wala pang aksyon si Isko sa mga ito, kaya wala rin siyang video footage kung saan maya t maya ay lababas sa social media.

Isang beses ko lang nabalitaan si Isko tungkol sa napakaruming mga estero sa Maynila at ito ay noong "mangako" siya mismo sa kalihim ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na si Roy Cimatu na makikipagtulungan sa kagawaran upang malinis ang mga esterong konektado sa Manila Bay.

Ngunit, hanggang sa oras na ito ay walang ginagawa si Mayor Isko Moreno upang malinis ang lahat ng baradong mga estero dulot ng napakaruming basurang nakaimbak.

NAPAKARAMING BASURA SA MGA ESTERO NG MAYNILA ANG HINDI INAAKSYONAN NI 'YORME' ISKO HANGGANG NGAYON

Tapat at seryosong aksyonan mo naman ito 'Yorme Isko' kahit walang video.

Kahit walang video, malalaman at mababalitaan ito ng mga negosyante at residente ng Maynila.

PANAWAGAN KAY MAYOR IMELDA CALIXTO - RUBIO

HINDI ko pa nakikita nang personal si Mayor Imelda "Emi" Calixto - Rubio.

Kaya, hindi ko pa rin kilala si Mayor Calix - Rubio.

Kasalanan ko dahil hindi naman ako nagpapa-schedule ng interbyu sa kanya.

Ngunit, nakikita ko ang kagandahan ng kanyang mga desisyon at aksyon upang higit na mapaganda ang Lungsod ng Pasay para sa interes at kagalingan ng mga negosyante at residente ng lungsod.

Mayor Calixto - Rubio, sa inyong tahimik na pagkilos, kahit paano'y lumuwag na ang Taft Avenue mula EDSA hanggang Buendia Avenue.

Ngunit, marami pa rin talagang pasaway na mga tsuper ng dyip, pedicab at traysikel na walang takot na ginagawang terminal ang magkabilang gilid ng Taft Avenue.

Utusan n'yo po ang hepe ng traffic enforcement department ng inyong administrasyon na tuluy-tuloy na kumilos upang tuluy-tuloy ding malinis ang Taft Avenue na sakop ng Pasay.

Pagsabihan n'yo ring huwag hayaang gawing terminal ng dyip at habal-habal ang kanto ng EDSA at Taft Avenue dahil ito ang dahilan kung bakit nagkakatrapik sa nasabing lugar.

Mayroong mga empleyado ng pamahalaang lokal ng Pasay (na berde ang yuniporme) na regular na nakapuwesto sa lugar na ito, ngunit literal na tambay sa nasabing lugar.

Tanggapin n'yo na lang po ang mga ito, sapagkat hindi naman nila ginagampanan ang kanilang trabaho, tungkulin at obligasyon sa inyong administrasyon at sa mga negosyante at residente ng Pasay.

Dapat, walang puwang sa inyong administrasyon ang mga opisyal at empleyadong sobrang kakapal ng mga mukha.

Ang mga makakapal ang mukha na mga opisyal at empleyado ay walang planong makatulong sa inyong administrasyon.

Bagkus, layunin ng mga ito na siraan ang kredibilidad at imaheng inyong administrasyon.

Bukas ang kalum na ito sa inyong tawag at text sa: 0998 - 5650271



STRATEGIC
COMMUNICATION
INITIATIVES
SERVICE

Introducing

The Manila Times

A10
PAGE

UPPER
 LOWER

PAGE 1
STORY

PAPER
STORY

EDITORIAL

CARTOON

99-14-19

FILE:

PAGE 17

DATE

Earthquakes and the built environment

THREE strong earthquakes, all more than magnitude 6, struck the province of Cotabato in October, affecting Northern Mindanao, the Davao Region, Soccsksargen and BARMM. There were at least 21 fatalities; 20,921 houses completely destroyed; and 6,429 homes and 75 schools partially damaged. The images of the devastated properties and infrastructure would reveal if they indeed followed the National Structural Code of the Philippines (NSCP). Apart from the physical injuries and material losses, the people of Mindanao are trying to recover from the trauma they felt during and after the successive earthquakes.

There are 10 man-made and eight natural disasters, and earthquakes are one of them. According to the Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs), our country is part of the Pacific Ring of Fire, which places us in a seismically active region. Therefore, each of our regions and provinces is vulnerable to a large-magnitude earthquake caused by various faults and trenches.

Here in Metro Manila, are we ready to experience an earthquake as strong as those felt in Mindanao? Will we be ready for the more devastating "Big One" which, according to Phivolcs, will be "very destructive" to the whole of Metro Manila and parts of Cavite, Rizal, Bulacan and Laguna? The Metro Manila Earthquake Impact Reduction Study (MMEIRS) released a risk analysis project in 2013. It estimated that the Philippines will incur P2.2 trillion in economic losses; 88,142,000 square meters of total floor area will completely collapse; and 31,000 lives could be lost in just the first hour after the "Big One." When this major earthquake hits, rescue activities will be limited. International assessment gauged that help could come after 72 hours because of Metro Manila's urban sprawl and poor urban design. With buildings, infrastructure and



FELINO A. PALAFOX JR.

efficiency. Japan is also known for its resilient architecture and engineering and stringent measures and codes for its towers and skyscrapers. Technologies such as vibration isolation, oil dampers and sliding isolation systems help keep the percentage of collapsed buildings very low. Innovations such as laser-scanning technology make it easier to detect vulnerable buildings and infrastructure, allowing engineers to retrofit and even extend their life span up to 100 years.

Disaster preparedness has become part of Japan's way of life. The Tokyo Metropolitan Government has prepared "Disaster Preparedness Tokyo," a manual to guide households on how to fully prepare for an earthquake and other disasters. The metropolitan government also manages the largest urban firefighting department in the world. In case of a major disaster, the Tokyo Rinkai Disaster Prevention Park will be the base of disaster management operations for the whole metropolitan area. The park can be transformed into a survival shelter for residents and features emergency response and coordination facilities, solar-powered charging stations, warehouses for food and water supply, and park benches that can be converted into cooking stoves.

As professionals of the built environment, we have a responsibility to design and plan structures and spaces that can withstand environmental hazards and can last for as long as possible. When designing a structure, performance-based design should be used, among them, implementing an "under reinforced system" on the structural design to see the cue of failure or cracks on the concrete

electrical posts down, it could last even longer. Collapsing buildings and infrastructure are the main causes of fatalities. But lives can be saved if the NSCP is strictly followed and implemented. It enables our buildings to withstand earthquakes with of at least magnitude 8. Architects, engineers and urban planners must review policies and regulations to help our cities become more resilient and minimize potential damage. How, where, and what we build can safeguard us during natural disasters. According to the National Institute of Building Sciences, every dollar spent on disaster resiliency saves \$6.

Japan, hailed for its culture of resilience and risk prevention, seems to have already thought of everything when it comes to disaster preparedness. The country truly learned from their horrific experience during the 1923 Great Kanto earthquake where more than 140,000 were left either dead or injured, thousands of buildings collapsed, and fires lasted for more than two days. On March 11, 2011, another destructive earthquake hit Japan. The magnitude 9 quake was recorded to be one of the strongest in the world. It caused an equally devastating tsunami; more than 28,000 were confirmed dead or missing. Experts estimated that there is a high probability that another magnitude 7 earthquake will happen in Japan before 2050. The Japanese government and its citizens have resolved to prioritize disaster prevention and response to avoid extreme devastation. This has resulted in continuous innovations in policies and technologies for mitigation, transforming the country into a model of organization and

possible it reaches its maximum tolerable stage. We must strictly adhere to the technical specifications of the NSCP or else we are endangering the future occupants of the structures we are building. Routine inspections and structural audits must be conducted, particularly for the older buildings in our cities to determine if they are still structurally sound or if they should be retrofitted or demolished. The following are other measures we can take to prepare for an earthquake:

1. Implement strict compliance with structure design plans and specifications. Avoid cost cutting in materials and labor.
2. Structural design of houses, buildings, bridges towers, etc. should be performed by reputable architects and structural engineers, not by fly-by-night, inexperienced designers.
3. Geo-technical reports are important to mitigate issues of liquefaction in the foundation designs of buildings. Pile driving should be considered.
4. The government must regularly inspect major bridges, government buildings, schools, hospitals, and other infrastructure. More open spaces should be dedicated for evacuation sites.
5. Know your area's earthquake history. Is there a fault line nearby? Is it prone to liquefaction? Visit the Phivolcs FaultFinder to know more.
6. Disaster-proof your home and yourself. Prepare a grab bag that has water, non-perishable food, an emergency kit, a flashlight, important documents, and clothes. Create a family evacuation plan. Know the nearest evacuation sites. Be constantly informed, prepared and vigilant.



CEMEX kumita ng ₱1B sa landslide

MAHIGIT isang bil-yong piso ang kinita ng CEMEX Holdings Philippines Inc. mula sa insurance na kinu-bra nito nang magka-landslide sa Naga, Cebu noong September 20, 2018 kung saan 53 ang namatay at nawasak ang kinatitirikan ng pamayanan.

Ang CEMEX ang may-ari ng APO Cement na siyang kumikita sa kina-quarry sa lugar.

Ayon sa kompanya, nakakuha ito ng P662.2 milyon mula sa insurance claims nito nu'ng 2018 at nakakuha pa ito ng P447.1 milyon ngayong taon na kasama na ang karagdagang claims na ngayong taon lang din sinampa.

Ang kinubrang in-

surance ay dahil sa nangyaring landslide sa Naga, Cebu noong September 20, 2018 na ikinamatay ng 53 katao.



Ayon sa CEMEX, nasa P83.8 milyon lamang ang nalugi sa kompanya dahil sa landslide dahil natabunan ang imbentaryo nito at hindi sakop ng insurance ang iba pang nalugi nito na umaabot sa P71.7 milyon.

Sa palagay ng CEMEX, nakalusot na rin ito sa pagbabayad ng P4.8 bilyong danyos para sa mga biktima nang hindi pinayagan ng Regional Trial Court ang aplikasyon ng mga biktima para sa Temporary Environmental Protection Order noong August 16, 2019.

November 2018 inihabla ng 40 na katao at isang grupo ang CEMEX na sinisisi nito sa pagkasira ng kanilang kapaligiran kaya nagka-landslide at namatay ang 53 na tao. Pinagbabayad ng mga nagreklamo ang CEMEX ng P4.3 bilyon para sa mga namatayan at napinsala at ng P500 milyon para irehabilitate ang kanilang kapaligiran.

Hiniling din ng mga nagreklamo sa korte ng isyuhan ang lugar ng Temporary Environment Protection Order habang nililitis pa ang kaso.

Kinampihan na ng korte ang CEMEX noong September 30, 2019. **(Eileen Men-cias)**



TITLE:

BAWAL na sa isang barangay sa Cotabato ang pagiging beki o bading o tibo o tomboy.

Parurusahan at ikukulong ang mga lalaki na gagamit ng mga gamit pambabae gaya ng damit, lipstick at iba pa.

Gayundin ang mga babae na gagamit ng mga gamit-panlalaki.

Parurusahan at ikukulong din ang mga lalaki na makipagrelasyon sa kapwa lalaki at ganito rin ang sasapitin ng mga babae na makipagrelasyon sa kapwa babae.

Same-sex at marriage, bawal na bawal.

Simple lang ang dahilan ni Kapitan Barangay Aringay, Kabacan, Cotabato Barangay Chairman Arnel Waguia.

Para lang sa mga kapatid na Muslim ang ordinansang pambarangay at hindi sa mga Kristiyano o iba pang iba ang pananampalataya.

Bawal daw kasi ang mga beki at tomboy sa paniniwalang Muslim.

MGA PARUSA

Hindi malayong magdeklara rin ang iba pang mga komunidad na Muslim sa iba't ibang bahagi ng bansa ng katulad na ordinansa.

Sa ibang mga bansa, may nakukulong ng habambuhay o kaya'y binibitay sa lubid o pinupugutan dahil sa paglabag sa batas sa beki at tomboy.

Kabilang sa mga sampol ng pinakulong sa bintang na isang beki si Malaysian Deputy Prime Minister Anwar Ibrahim.

Pinupugutan naman ang mga natatagpuang gumagawa ng sodomia o pakikipag-sex ng isang lalaki sa kapwa lalaki sa Saudi Arabia at Iran.

Siyempre pa, maulang makulong ang mga binibitay at pinupugutan at ang pagbitay sa lubid at pagpugot ay makaraan ang isang paglilitis sa ilalim ng Sharia Law o desisyon ng mga huwes na nakabatay rin sa umiiral nilang batas.

SOGIE BILL

Ngayon ay ipinipilit nina Senador Risa Hontiveros na ipasa ng Kongreso ang panukalang SOGIE o Sexual Orientation or Gender Identity Expression.

Labag ang SOGIE sa nasabing ordinansa sa nasabing barangay sa Cotabato.



ULTIMATUM

NI BENNY ANTIPORDA

BEKI, TIBO BAWAL NA; SOGIE BAWAL DIN?

At kung talagang labag sa batas na pang-Muslim ang SOGIE, at sakaling maging batas ang SOGIE, hindi malayong isusulong naman ng mga Muslim ang kanilang batas kontra sa SOGIE na may pambansang saklaw.

Alalahaning ang mga kapatid na Muslim ay milyon-milyon ang kanilang bilang sa bansa, at nakakalat sila kahit saan.

At malamang na maisip nilang protektahan ang kanilang paniniwala laban sa SOGIE.

Isinusulong ng SOGIE ang same-sex marriage at gusto nitong malaya na magmukhang babae ang lalaki at ang lalaki na magmukhang babae at gagamit ang mga ito ng mga kagamitang naayon sa kanilang panlasa bilang mga beki o tomboy at iba pa.

Gaya ng ginawa sa barangay sa Cotabato, hindi sakop ang mga Kristiyano at iba pang hindi Muslim ang kanilang ordinansa.

Pero maaaring sa mga magagaang bagay lamang.

PAANO ANG BITAY, PAMUMUGOT?

Dito sa matitinding parusa gaya ng pagkakulong o bitay magkakatalo.

Alalahaning hindi lang mga teroristang ISIS ang gumagawa ng pagkulong at pagbitay sa mga beki at tomboy na nagkakaroon ng mga seryosong paglabag sa mga batas na pang-Muslim.

Normal na parusa ang mga ito sa mga bansang Muslim.

Paano kung may mahagip na Kristyanong beki at tomboy ng mga batas-Muslim ukol sa bawal na beki at tomboy?

Paano kung may mag-sulong ng batas-Muslim para umiral ang pagkukulong at bitay?

Kung magkakaroon ng parusang bitay dahil sa droga, terorismo at iba pang heinous crime, hindi malayong sasabay na maitayo ang batas-Muslim na parusang bitay sa mga sangkot sa droga at sodomya ng mga babae

at lalaki.

At hindi maiwasang posibleng may mahagip na mga Kristiyano na beki at tomboy.

Kasama sa mga mahahagip ang mga convert mula Muslim sa Kristiyano at Kristiyano sa Muslim.

IKONSIDERA

Sa puntong ito, dapat na ikonsidera ng mga nagsusulong ng SOGIE ang problema sa pananampalataya.

Kung may mga kumontra na relihiyong Kristiyano sa SOGIE, isulong malala ang pagkontra rito ng mga kapatid na Muslim.

Paano ang balanseng batas para rito?

Para lang ba sa mga Kristiyano at hindi naniniwala sa Diyos ang SOGIE?

Sasaklawin ba ng SOGIE ang mga kapatid na Muslim?

Sasaklawin ba ng SOGIE ang mga ayaw magpasakop dito sa ngalan ng relihiyon?

Papayag ba ang SOGIE na saklawin ng mga parusang kulong at pamumugot ang mga gustong makinabang sa karapatang SOGIE anoman ang kinabibilangang relihiyon o pananampalataya ng mga ito?

MAGKASABAY

Hamon sa pambansang pamahalaan ang posibleng pagsulpot ng panukalang batas-Muslim na anti-SOGIE bilang katapat ng SOGIE.

At siyempre pa, naririyon din ang mga magkakontrang parusa ng dalawa.

Habang may parusa ang SOGIE sa mga lalabag sa karapatan ng mga makinabang dito, maparurusahan din ang mga lalabag sa batas-Muslim.

Ano ang gagawin ng pambansang pamahalaan kung sakali?

Anomang reaksyon o reklamo, maaaring iparating sa 0922840-3333 o i-email sa bantiporda@yahoo.com.